| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Ma'am RACQUEL D. TANAEL | Learning Area: | FIILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | NOVEMBER 13 - 17, 2023 (WEEK 2) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng isahang pagsasadula tungkol sa isang isyu o paksang napakinggan.<br>Naiuulat ang isang isyu o paksang napakinggan.<br>Nakagagawa ng character profile batay sa kuwento o tekstong binasa.<br>Nakagagawa ng graph o dayagram upang ipakita ang nakalap na impormasyon o datos.<br>Naisasakilos ang isang paksa o isyung napanood.<br>Napapahalagan ang wika at panitikan sa pamamagitan ng pagsali sa usapan at talakayan, paghiram sa aklatan, pagkukuwento, pagsulat ng tula at kuwento. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat and code ng bawat kasanayan** | **F6PN-IIb-4**<br>Naiuugnay ang sariling karanasan sa napakinggang teksto. | | **F6OL-IIa-e-4**<br>Nagagamit nang wasto ang pang-uri sa paglalarawan sa iba't ibang sitwasyon | **F6V-IIb-4.2**<br>Nabibigyang kahulugan ang salitang hiram. | **F4A-0a-j-1**<br>Naipagmamalaki ang sariling wika sa pamamagitan ng paggamit nito. |
| **II. NILALAMAN** | | | | | |
| | Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa mga Pangyayari sa Kuwento | | Paggamit ng Pang-uri sa paglalarawan sa iba't ibang sitwasyon (ANTAS) | Pagbibigay kahulugan sa salitang hiram | Pagmamalaki ng Sariling Wika sa Pamamagitan ng Paggamit nito |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina ng Gabay ng Guro** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga pahina ng Kagamitang Pang-Mag-aaral** | Hiyas sa Pagbasa p. 151-153 | | | | |
| **3. Mga Pahina sa teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resources (LR)** | | | FILIPINO 6 DLP 49 | | |
| **B. Iba pang kagamitang panturo** | | | | http://teksbok.blogspot.com/2012/06/paghihiram-ng-mga-salita.html | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Tumawag ng mga mag-aaral upang pumili ng mga pangyayari na naganap na sa knilang buhay:<br>● Hindi nakasali sa pasulit dahil nagkasakit<br>● Napagalitan dahil ginabi ng uwi<br>● Pumasok sa eskwelahan nang walang baon<br>● Walang natanggap na regalo sa pasko<br>Napalo noong maliit pa | | Piliin ang wastong pang-uri na nasa loob ng panaklong na angkop sa pangungusap.<br>1. (Mas malawak, Malawak, Pinakamalawak) ang Dagat-Pasipiko kaysa sa Dagat-Atlantiko.<br>2. Si Merle ay (magaling, ubod ng galing, higit na magaling) sa paglalaro ng chess.<br>3. (Pinakamataas, Mataas, Magsintaas) ang Mt. Apo sa lahat ng bundok sa Pilipinas.<br>4. Ang araw ang (pinakamalapit, mas malapit, malapit) na bituin sa daigdig.<br>5. (Higit na matayog, ubod ng tayog, matayog) ang lipad ng ibon kaysa manok. | Pagbabaybay ng mga salitang-hiram<br>Pag-tsek ng takdang aralin na inihanda ng mga bata | Pagsasanay<br>Sabihin ang kasingkahulugan ng mga sumusunod na sinalungguhitang salita.<br>Mariwasa ang buhay niya kaya nabibili lahat ng gusto niya.<br>Karamihan sa Filipino ay maralita dahil kahit pangunahing pangangailangan ay hindi natutugunan.<br>Salat sa pangangailangan ang taong maralita.<br>Nakaukit sa utak ko ang sinabi ni Amy.<br>Naglaho lahat ng sinabi ni ate, wala akong maaalala. |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Anong mga bagay ang karaniwan makalimutan natin sa daan? | | Nakakita ka na ba ng sisiw, lawin at uwang? Kung hindi pa, pansinin mo ang makaguhit sa ibaba.<br> | Ipapanood ang youtube video na ito. Ipaalala ang mga dapat at di-dapat gawin sa panonood. Sabihin din sa mga bata na maari nilang isulat sa kanilang kuwaderno ang mga importanteng salita na kanilang makikita at maririnig.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club | Pag-aralan natin ngayon ang mga mahihirap na salita. Alamin natin ang kahulugan at pagkatapos gamitin natin ito sa pagsulat ng komposisyon.<br>iskwater – (Ang guro ay magtanong kung alam ba nila ito. Magbigay ng |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Anu-anong mga hayop ang nakita mo sa larawan?<br><br>ang? Sakaling hindi, ang uwang ay kulisap na kadalasang naninirahan sa puno ng niyog | Member - visit depedclub.com for more | pangungusap hanggang sa malaman ang kahulugan nito.)<br><br>Inaasahang sagot: paglilipat – lipat ng tirahan<br>yari – gawa<br>kahirapan – dukha<br>partikular – lalo na |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Basahin ang nakatalang mga salitan inuulit. Bilugan ang salitang kasingkahulugan nito.<br>1.Bagong-bago (pinakabago, di-gaanong bago, lumang-luma)<br>2.Mahapding-mahapdi (mahapdi nang bahagya, mas mahapdi, sobra ang hapdi)<br>3.Patakbo-takbo (takbo nang takbo, takbo-hinto-takbo, mabilis ang pagtakbo)<br>4.Taking-taka (labis ang pagtataka, nagtataka, nagtataka nang kaunti)<br>5.Malapit-lapit ( lubhang malapit, higit na malapit, malapit nang kaunti) | | Pagbasa ng kuwento<br>Ang Lawin, ang Sisiw, at ang Uwang | https://www.youtube.com/watch?v=YA-ans78i8o | Gawin Natin:<br>Ngayon gagawa kayo ng komposisyon gamit ang mga salitang inyong natutuhan.<br><br>Tandaan lamang na sa paggawa ng komposisyon ay:<br><br>Isulat ang pamagat sa gitna ng papel.<br><br>Ipasok ang unang salita ng unang pangungusap sa bawat talataan.<br>Lagyan ng palugit sa magkabilang tabi ng talataan.<br>Gawing isang dali ang Palugit sa kaliwa, kailangang higit itong malapad kaysa kanan na may palugit na kalahating dali lamang.<br>Gumamit ng wastong bantas sa pagkatapos ng pangungusap.<br>Gawing malaking titik ang simula ng bawat pangungusap.<br>Ang bawat talataan ay dapat magtaglay ng isang paksa lamang.<br>Pumili ng isang paksang nais talakayin.<br>Magpayaman ng talasalitaan kaugnay ng paksa. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Gamitin sa mga pangungusap ang nalinang na talasalitaan.<br>Bumuo ng iba't-ibang uri ng pangungusap ayon sa anyo at tungkulin.<br>Isaayos ang mga binuong pangungusap nang sunud-sunod ayon sa diwang ipinahahayag nito.<br>Isulat sa talataan ang isinaayos na pangungusap.<br>Lagyan ito ng pamagat batay sa pamaksang pangungusap.<br>Gawin itong modelo o huwaran. |
| **D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Pagganyak na Tanong:<br>● Bakit kaya naiwan ni Liza ang payong? Pakikinig sa kuwento. | | Sagutin:<br>1. Paano pinaghambing ang lawin at ang uwang?<br>2. Paano naman pinaghambing ang lawin at ang sisiw?<br>3. Paano naman inihambing ng lawin ang kanyang sarili sa iba?<br>4. Paano inihambing ang ibon sa ibang uri ng hayop na lumilipad?<br>5. Kung ikaw ang pagpipiliin, alin ang gusto mong maging katulad, ang lawin o ang uwang? Ipaliwanag. | Itanong: Ano-anong mga salitang-hiram ang iyong nadinig at ang katumbas nito sa ingles?<br><br>Mga sagot:<br>1. haynayan – biology<br>2. bilnuran – arithmetic<br>3. miktiinig – microphone<br>4. pang-ulong hatinig – headset<br>5. sulatroniko – e-mail<br>6. pook-sapot – website<br>7. pantablay - charger | Gawin Ninyo:<br>Hatiin ang mga bata sa 2 pangkat. Papiliin sila ng paksang gagawan nila ng komposisyon. Bago ang pagsulat alamin muna nila ang mga salitang gagamitan at kapag natutuhan na saka pa gagawa ng komposisyon. Ang unang pangkat na nakatapos na tama ang pagkakagawa ay panalo. |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Pag-unawang Tanong<br>Sino ang nagkukuwento?<br>Ano ang kanyang suliranin?<br>Ano ang nangyari sa kanya isang araw?<br>Paano siya napupunta kay Liza?<br>Ano ang binalak na gawin ng lalaking makisig?<br>Paano siya napunta sa tunay na may-ari?<br>Ano ang nadama ni Liza nang Makita ang payong na binili niya?<br>Paano natapos ng buhay ng nagkukuwento? | | Narito ang mga pangungusap na hango sa pabulang iyong binasa. Pag-aralan mo.<br>A. Malakas ang siyap ng sisiw sa paghanap sa kanyang mga kapatid.<br>B. 1. Higit na malakas ang siyap ng inahin sa pagtawag sa anak.<br>2. Ang uwang ay kasintapang din ng lawin.<br>C. Ang lawin ang pinakamalaki sa mga pangkaraniwang ibong makikita natin sa paligid.<br>● Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit? | Itanong:<br>1. Anu-anong pagbabago ang nangyayari sa ating bansa na iyong napapansin?<br>2. Ano ang naidudulot nito na maganda sa ating mga mamamayan?<br>3. Bakit kailangan na magkaroon ng mga pagbabagong ito?<br>4. Ang teknolohiya ba ay may mabuti o masamang | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Mayroon ka bang alam na pangyayaring katulad sa kanya?<br>Kung ikaw ang nag kukwento, ano ang mararamdaman mo? | | • Ano ang pang-uri?<br>• Sa pangungusap sa A, ano ang pang-uri? Ano at ilan ang inilalarawan nito?<br>Sa pangungusap sa B. 1., ano ang pang-uri? Ano ang pinaghahambing nito?<br>• Ilan ang pinaghambing?<br>• Magkatulad ba ang katangiang inihahambing?<br>• Sa pangungusap sa B-2, ano ang pang-uri? Ano ang pinaghahambing nito?<br>• Sa pangungusap sa C, ano ang pang-uri? Ano ang pinaghahambing?<br><br>Ilan ang pinaghahambing? | maidudulot sa mga kabataan?<br>5. Anong mga makabagong kagamitan ang nakatutulong sa iyong pag-aaral? Paano?<br><br>Mayroon ba kayong dalang mga makabagong kagamitan | |
| **F. Paglinang ng Kabihasaan ( tungo sa Formative Assessment )** | Pag-aralan ang sumusunod na mga pangyayari sa nabasang kuwento.<br>Bilugan ang bilang ng pangyayari sa kuwento na naranasan mo na.<br><br>1. Natutuwa ka kapag may nakapansin sa iyong mga tao.<br>2. Pabili ng payong dahil tag-ulan na naman.<br>3. Maingat sa pagdadala ng payong<br>4. Habang nasa sasakyan at mayroong kasama at ka kuwentuhan at biglang papara dahil malapit na palang lumagpas sa babaan<br>5. Madalas makaiwan ng gamit sa sasakyan | | Punan ang patlang ng wastong anyo ng pang-uri na angkop sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Sina Edward at Ramon ay ____________ (taas).<br>2. ____________ (bilis) ang usa kung tumakbo.<br>3. Ang aking bunsong kapatid ang ____________ (likot) sa mga batang lalaki.<br>4. ____________ (hinahon) siya sa lahat ng oras at pagkakataon.<br>5. Ang hilaw na mangga ay ___________ (asim) kaysa sa sampalok. | At Natutong Magluto ng Almusal si Genio<br>Ni NERISSA S. ALARDE<br>Tuwing umaga, kinasanayan na ni Genio na gumising nang maaga, maghanda ng maaga para pumasok sa paaralan. Dahil sa simula pa lang, nasa mababang antas pa lamang siya, tinuruan na siya ng kanyang Nanay Minda na maghanda ng sarili sa pagpasok sa paaralan. Dapat, pagkagising sa umaga, ili13ligpit muna ni Genio ang kanyang kama, iaayos ang mga unan, titiklupin ang kumot at ilalagay sa nakalaang lalagyan para sa mga ginamit sa pagtulog. Matapos na maiayos ang kanyang silid, dapat niyang ayusin naman ang kanyang mga gamit sa paaralan, tinitiyak niya na lahat ng kanyang mga kailangan sa araw na | Gawin Mo:<br>Pumili ng paksa sa ibaba at sumulat ng komposisyon. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 6. Hindi na hahanapin ang naiwang bagay sa sasakyan<br>Pag-aalaalang bilhan ng isang bagay na kailanganng-kailangan ng isang mahal sa buhay. | | | 'yon, tulad ng mga aklat at notebook na kakailanganin niya sa kanilang lesson sa araw na 'yon ay maayos na nakalagay sa kanyang school bag. Hindi rin niya dapat kalimutan ang mga assignments na inihanda niya bago siya matulog. Matapos na maiayos ang lahat, kailangang magtungo na siya sa hapag. Dahil tiyak na nakahanda na ang kanyang almusal na inihanda ng kanyang mahal na nanay. Subalit nang lumabas ng silid si Genio upang magtungo sa hapag, napansin niyang wala pang almusal na nakahanda sa mesa at wala pa rin ang kanyang nanay na<br>madalas na nauuna pang magising sa kanya upang maghanda ng kanilang almusal. Agad na tinungo ni Genio ang silid ng ina.<br>Nakahiga pa rin si Aling Minda.<br>Lumapit si Genio sa kama.<br>“ Anak, mabigat ang pakiramdam ko, napagod yata ako kahapon, hindi tuloy kita naipaghanda ng almusal,” matamlay na wika ni Aling Minda sa anak. “ Huwag po kayong mag-alala nanay, ako na lang po maghahanda ng almusal ko,” sagot ni Genio.<br>“ Marunong ka na ba?” Tanong ni Aling Minda.<br>“ Opo 'Nay, grade six na ako...magagawa ko na kung paano ninyo niluluto ang almusal ko.” pagmamalaki ni Genio.<br>“ May kanin sa kaldero, kaya mo na bang iluto ang sinangag?”<br>“ Yakang-yaka 'nay!”<br>“ Pagpirito ng itlog at hotdog, kaya mo na rin ba?”<br>“ Chicken!” Pagyayabang ni Genio. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | " Chocomilk mo, kaya mo na rin ihanda?" Patuloy ni Aling Minda.<br>" No problem 'nay, relax lang kayo, ihahanda ko pati baon ko at almusal ninyo!" pagmamalaki ni Genio.<br>Makalipas nga ang ilang minuto, naihandang lahat ni Genio ang almusal nilang mag-ina, pati na rin ang baon na dadalhin niya sa paaralan.Matapos na magkapag-almusal, masiglang pumasok ng paaralan si Genio. | |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | Sabihin: Ano nag pag-uugnay sa Sariling karanasan sa mga pangyayari sa kuwento ang ating talakayan ngayon…<br><br>Pinakamabisang paksa ang isang kuwento ang karanasan ng tao. Madaling maunawaan ang kuwento kapag ito ay ibinatay sa karanasan. Naiiugnay ang tunay na pangyayari sa buhay na nasa isang kuwento o iba pang akda. | | Sumulat ng mga pangungusap na pinaghahambing ang sumusunod.<br>1. Ang alaga mong aso at ang alaga ng iyong mga kaibigan<br>2. Dalawang punong atis<br>3. Isang manggang hinog at isang manibalang<br>4. Si Jose Rizal at ibang mga bayani<br>5. Ang iyong guro | a.Magbigay ng isang salitang hiram at tumbasan ito ng salita sa Filipino.<br>b. Gamitin sa pangungusap ang napiling salitang hiram sa ibang paraan o pangungusap. | Gamit ang bagong salitang natutuhan, sumulat ng sariling komposisyon tungkol sa…"Ang Pilipinas Ngayon" |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | Ano ang kahalagahan ng karanasan? | | • Ang pang-uri ay may tatlong antas:<br>1. Lantay – kung iisang tao, bagay, hayop o pook ang pinaghahambing.<br>2. Pahambing – kung dalawang tao, bagay, hayop o pook ang pinaghahambing.<br>- ang dalawang pinaghahambing ay maaaring magkatulad o magkaiba ang katangian<br>• Hambingang magkatulad<br>o a. Ginagamitan ng panlaping sing, -magkasing<br>o b. Ginagamitan ng kapwa, gaya, paris<br>• Hambingang Di-magkatulad | May tatlong dahilan kung bakit nanghihiram ng salita ang mga Pilipino.<br>1. Hiramin ang salita, at tumbasan sa Filipino.<br>Halimbawa<br>Classroom – Silid-aralan<br>Library – Silid-aklatan<br>2. Hiramin ang tunog ng salita at baybayin sa Filipino.<br>Halimbawa<br>Cell phone - selfon<br>Book - buk<br>3. Hiramin na ng buo ang salita Kapag mawawala ang tunay na kahulugan ng salita kapag | Pagsasapuso:<br>Sabihin:<br>Ang wika ay sumasalamin sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Ito ay nagsilbing tulay sa mga Pilipinong naninirahan sa iba't – ibang kapuluan at sa ibang panig ng mundo. Ito ay nagsisilbing pagkakakilanlan n gating lahi sa iba. Nararapat lang na ito'y gamitin at ipagmalaki |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | o a. Ginagamitan ng mga salitang mas o higit at kaysa o sa<br>3. Pasukdol – kung higit sa dalawang tao, bagay, hayop o<br>pook ang pinaghahambing.<br>- ginagamitan ng panlaping pinaka o napaka o sinasamahan ng ubod, sukdulan, nuno, lubha, masyado, totoo, talaga, tunay | tinumbasan sa Filipino, o kaya naman, mababago ang kahulugan kapag binaybay sa Filipino, hiramin na lang ng buo ang<br>salita. | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Iugnay moa ng sanhi sa pangyayaring ito:<br><br>Pagsusulit noon. May ginawa kang talaan ng mga petsa at pangyayari hingil sa pagkakaroon ng kasarinlan ng Pilipinas. Ito ang iyong ginamit sa balik-aral. May nakalimutan kang limang petsa. Ang papel ay nasa bulsa. Tumingin ka sa guro. Ang guro pala ay nakatingin sa iyo.<br><br>________________________<br>________________________ | | Punan ang patlang ng wastong anyo ng pang-uri na aangkop sa pangungusap.<br>1. _____________ (sipag) si Reggie kaysa kay Melie.<br>2. _____________ (lambot) ng mamon ang puso ng pinsan ko.<br>3. _____________ (talino) ang kuya ni Joyce.<br>4 – 5. Sa lahat ng prutas, ____________ (baho) ang amoy ng durain<br>subalit ito ang ___________ (sarap). | | Pumili ng paksa sa ibaba. Gamitin ang bagong salitang natutunan sa pagsulat ng sariling komposisyon ukol dito.<br>a. Kahalagahan ng Kalusugan<br><br>Ang Pag-aaral<br><br>Ang Aking Pamilya |
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** | Bumasa ng isang bahagi sa bibliya. Isulat mo sa maikling pangungusap kung paano mo ito inugnay sa ioyng buhay. | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |